202312070000028_DEL

California LIFELINE program

2 0 2 3 1 2 0 7 0 0 0 0 0 2 8
000001
FIRSTNAME M. LASTNAME TEMP #19 IEHFORM 12PT
123 MAIN STREET
STE 45
ANYTOWN CA

**Kailangan naming matanggap ang iyong nakumpleto at nilagdaang worksheet bago lumampas ng Setyembre 30, 2023.**

SAMPLE

# Worksheet para sa Sambahayan

Kailangan ng Programang California LifeLine na makumpleto at malagdaan mo ang worksheet na ito dahil ipinapakita sa aming mga rekord na may ibang tao sa iyong tahanan ang kasalukuyang tumatanggap ng benepisyo sa California LifeLine. Kailangan naming matanggap ang iyong nakumpleto at nilagdaang worksheet bago lumampas ng **Setyembre 30, 2023 o kung hindi ay mawawala mo ang iyong benepisyo sa California LifeLine**.

Ang pinakamabilis na paraan para maisumite ang iyong nakumpletong worksheet ay sa CaliforniaLifeLine.com.

Pagkatapos mong isumite ang worksheet ng iyong sambahayan, aabisuhan ka ng California LifeLine na nagkukumpirma kung ang worksheet ng iyong sambahayan ay inaprubahan o tinanggihan. Ipapadala ang abiso sa o bago ang iyong itinakdang petsa Setyembre 30, 2023.

## California LifeLine

Ang California LifeLine ay isang programa ng pamahalaan na nagbibigay ng abot-kayang serbisyo sa telepono sa mga kwalipikadong sambahayan.

## Ano ang ibig sabihin ng sambahayan?

Ang isang sambahayan ay anumang grupo ng mga nasa hustong gulang na magkakasama sa tirahan sa parehong address at magkakasama ang mga gastusin sa pamumuhay at kita. Hindi kinakailangan ng grupo ng mga tao na maging magkadugo. Maaaring kasama sa isang sambahayan ang mga magkakadugo at hindi magkakadugong nasa hustong gulang at bata.

## Ano ang ibig sabihin ng mga gastusin sa pamumuhay?

Kabilang sa mga gastusin sa pamumuhay ang mga gastos sa pagkain, pangangalagang pangkalusugan, utilidad, at upa o mortgage.

**Mga katanungan? Maaari kaming makatulong**

Para sa mga katanungan tungkol sa worksheet na ito, sa iyong petsa ng Petsa ng Pagtugon, o sa katayuan ng iyong Programa, tawagan ang California LifeLine sa **1-888-765-1577** (TTY: 888-858-7889). Bukas kami mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes – Biyernes, maliban kung holiday ng estado.

**Ipadala ang inyong worksheet**

Maaari ninyong ipadala ang inyong nakumpleto at nilagdaang worksheet sa:

**California LifeLine Administrator**
**P.O. Box 138014**
**Sacramento, CA 95813-8014**

Magpatuloy sa susunod na pahina ▶▶▶

### Ano ang ibig sabihin ng kita?

Kabilang sa kita ang mga sahod, suweldo, suporta sa bata, benepisyo sa kawalan ng trabaho, at mga benepisyong tulong ng pamahalaan, mga kabayaran mula sa Social Security, at mga kabayarang pera mula sa iba pang mga mapagkukunan.

SAMPLE

# Ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong sambahayan sa address ng iyong tirahan:

456 Civic Ave
Suite 78
Jamestown, CA 99999

## Patunayan na wala nang iba pa sa iyong sambahayan ang nakakatanggap ng benepisyong LifeLine.

**Tandaan:**

- Ang sambahayan ay pinahihintulutan lamang ng isang benepisyo.
- Hindi maaaring makakuha ng benepisyo ang sambahayan mula sa mahigit sa isang tagapagbigay ng serbisyo.
- Kung walang kita o mababa ang kita ng isang nasa hustong gulang at nakatira kasama ang isang taong nagbibigay sa kanya ng pinansyal na suporta, ang parehong indibidwal ay itinuturing na bahagi ng parehong sambahayan.

Gamitin ang asul o itim na bolpen upang ganap na punan ang bubble, kagaya nito: ● Tama ⊗ Hindi Tama

**Sagutin ang mga tanong sa ibaba:**

**1. May kasama ka bang isa pang nasa hustong gulang sa tirahan?**
Ang mga nasa hustong gulang ay mga nasa edad na 18 taong gulang o mas matanda pa o mga emansipadong menor de edad. Maaaring kasama sa nasa hustong gulang ang asawa, kinakasama, magulang anak na nasa hustong gulang sa iyong pamilya, roommate na nasa hustong gulang, atbp.

○ Oo — **Kung oo**, sagutin ang tanong 2.

○ Hindi — **Kung hindi**, laktawan ang mga tanong 2 at 3 dahil nakatira ka sa address na hindi tumatanggap ng mahigit isang benepisyong LifeLine. Mangyaring lagyan ng inisyal ang **Sertipikasyon B**, at lagdaan at petsahan ang worksheet.

**2. Ang nasa hustong gulang na nakatira kasama mo, nakakatanggap ba siya ng diskwento sa California LifeLine?**

○ Oo — **Kung oo**, sagutin ang tanong 3.

○ Hindi — **Kung hindi**, laktawan ang mga tanong 3 dahil nakatira ka sa address na hindi tumatanggap ng mahigit isang benepisyong LifeLine. Mangyaring lagyan ng inisyal ang **Sertipikasyon B**, at lagdaan at petsahan ang worksheet.

Magpatuloy sa susunod na pahina ▶▶▶

SAMPLE

3. **Magkakabahagi ba kayo sa kita at mga gastusin sa pamumuhay ng nasa hustong gulang na kasama mo sa tirahan?**

○ Oo — **Kung oo**, hindi ka kuwalipikado para sa California LifeLine dahil may isa nang tao sa iyong sambahayan ang tumatanggap na ng benepisyong LifeLine. Isang benepisyong California LifeLine lamang kada sambahayan ang pinahihintulutan alinsunod sa mga patakaran ng California LifeLine. **Bilang resulta, nauunawaan ko na maaalis ako sa Programang California LifeLine.**

○ Hindi — **Kung hindi**, patuloy ng matatanggap ang iyong benepisyong LifeLine. Nakatira ka sa isang address na may mahigit sa isang sambahayan at ang iyong sambahayan ay hindi tumatanggap ng mahigit sa isang benepisyong LifeLine. Mangyaring lagyan ng inisyal ang mga **Sertipikasyon A at B**, at lagdaan at petsahan ang worksheet.

## Patunayan, lagdaan, at isumite ang inyong worksheet.

| | |
|---|---|
| **Lagyan ng inisyal dito:** ____________ | **Sertipikasyon A:** Nakatira ako sa isang address na may mahigit sa isang sambahayan. |
| **Lagyan ng inisyal dito:** ____________ | **Sertipikasyon B:** Nauunawaan ko na ang paglabag sa patakarang isang benepisyo kada sambahayan ay laban sa mga patakaran ng California LifeLine at maaaring magresulta sa pagkawala ng aking benepisyo sa California LifeLine, at posible ang prosekyusyon ng pamahalaan ng Estados Unidos. |

| Ilimbag ang pangalan at apelyido ng kalahok | |
|---|---|
| **Lagda ng kalahok (Kailangan)** ▶ | Petsa ngayong araw [Buwan Araw, Taon] |

○ Punan ang bubble na ito kung lalagdaan inyo ang form na ito bilang Legal na Tagapag-alaga o isang indibidwal na may Power of Attorney

Magpatuloy sa susunod na pahina ▶▶▶

SAMPLE

**May 2 paraan para maibalik ninyo ang iyong nakumpleto at nilagdaang worksheet:**

1 **Online:** Kumpletuhin, lagdaan, at isumite ang iyong worksheet sa CaliforniaLifeLine.com.

o

2 **Sa pamamagitan ng sulat:** Kumpletuhin, lagdaan, at ipadala ang worksheet sa California LifeLine. Gamitin ang pabalik na sobre na dumating kasama ng worksheet. Hindi mo kailangan ang selyo.

SAMPLE

SAMPLE

Sadyang iniwang blangko ang pahinang ito